SPEECH OF SECRETARY FRANCISCO T. DUQUE III, MD, MSc. DURING THE KNOCKOUT TIGDAS 2007

GREETINGS

Secretary Sulaik, ang ating mga local na opisyal sa ARMM Region, ang aking mga kapamilya sa Department of Health, ang ating mga doktor, midwives at barangay health workers, iba pang volunteer workers, mga ka-baranggay at aming mga kababayan…isang magandang umaga sa inyong lahat!

Salamat sa inyong mainit na pagtanggap sa amin sa DOH. Napakahalaga ng umagang ito para sa ating lahat dahil ngayong araw ganap na magsisimula ang ating kampanya upang ipaglaban ang kalusugan ng lahat ng mga bata! Katulad ni Manny Pacquiao na talaga namang pinaghandaan ang kanyang matagumpay na laban kay Barrera ay maraming buwan rin naming pinaghandaan ang kampanyang ito sa DOH. Pero hindi tulad ni Pacquiao, hindi tayo pwedeng manalo sa labang ito ng sa pamamagitan lamang ng "unanimous decision." Kailangan, tayong lahat, magsama-sama…tibayan ang didbdib upang ma-Knock-Out and Tigdas!

Ngayong umaga ay tuluyan na nga namining inilulunsad ang Knock-Out Tigdas. Ito ay ang malawakang pagbabakuna na isasagawa ng pamahalaan simula ngayon hanggang Nobyembre para sa mga bata 9 na buwan hanggang apat na taong gulang. Muli, magbabahay-bahay tayong lahat --- mayroong mga bakunador na kakatok sa inyong bahay para hanapin ang mga bata at mabigyan ng libreng bakuna laban sa tigdas. Magbibigay rin sila ng Vitamin A capsules at pampurga dahil kakambal ng sakit ay malnutrisyon. Para sigurado an gating panalo, kailangang sabay nating matalo ang mga bantang ito.

Ilang beses na rin nating isinagawa ang kampanyang ito at naging matagumpay naman ang lahat dahil na rin sa pakikiisa ng ating mga opisyal sa lokal na pamahalaan at ng ating mga baranggay.

Nakalahati na natin ang mga kaso ng tigdas mula 1999 hanggang 2005. At noong 2004, nang aming ilunsad ang Ligtas Tigdas campaign, kasama rin namin kayo sa pagbabahay-bahay upang hanapin ang lahat ng mga bata. Nagawa nating iligtas ang halos 6,000 bata kada taon laban sa Tigdas at talaga namang bumagsak ang mga kaso at bilang ng mga nangamamatay.

Kung naging matagumpay tayo noon, ay bakit tayo maglulunsad na naman ng isang pambansang kampanya laban sa tigdas? Hindi ba sapat na ang regular na pagbabakuna na isinasagawa sa ating mga health center? Bakit kailangan pa nating suyurin ang mga komunidad?

Nakakalungkot at nakakaalarma pong ibalita sa inyo na matapos ang kampanyang Ligtas Tigdas noong 2004, ay muli na namang sumulpot ang tigdas sa iba't ibang parte ng bansa. *It shows that our routine coverage has not caught up with the success of the past mass measles campaign. Hence, we need follow-up campaigns so that our past gains can be effectively sustained.*

Nitong 2007, tumaas ang kaso at mayroong iba't ibang lugar sa buong Pilipinas ang nagtala ng outbreaks. Kasama dito ay ang Basilan, Sulu, Lanao del Norte, Bulacan at ilang malalaking lungsod sa Metro Manila tulad ng Paranaque, Valenzuela at Maynila.
Kaya nga mismong ako na ang magpupunta sa mga lugar na ito upang tiyakin na maaabot natin ang ating mga coverage targets. Noong Lunes ay dinalaw ko ang ilang baranggay sa Maynila, Quezon City at Muntinlupa. At ngayon ay narito naman ako sa ARMM Region kung saan pinakamababa ang ating naitalang EPI coverage dahil na rin sa mga problema ng kapayapaan na lalong nagpapahirap sa ating mga kababayan doon. Kaya nga ako'y nananawagan ngayong umaga sa lahat ng panig, gobyerno man o makakaliwa, na kalimutan muna ang hidwaan at magtulong-tulong tayo upang mabakunahan ang lahat ng bata lalaong lalo na yung mga nasa *hard to reach at conflict areas.*

Ang ating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo ay nanguna na sa panawagang ito sa pamamagitan ng isang kautusan upang gawing "Una ang Bakuna" para sa sanggol at ina. Ito ay dahil na rin sa ating layuning sugpuin ang mga sakit na tulad ng polio, tigdas, tetano, hepatitis B at iba pang vaccine-preventable diseases na hanggang ngayon ay pangunahing sanhi pa rin ng sakit ng mga batang Pilipino.

Noong 2005, tahasang ipinahayag din ng Department of Health ang aming layunin na sugpuin ang tigdas kasama ang tetano pagdating ng 2008 --- una sa lahat ng bansa sa ating Rehiyon sa Asya na magsagawa ng hamong ito. Nag-expand din tayo ng bakunang kasama sa EPI program sa pamamagitan ng pagbili ng pamahalaan ng mga bakuna laban sa Hepatitis B simula noong 2006.

Patuloy ang aming pagbabantay sa DOH sa aming targets sa pamahalaan --- palawakin ang EPI program at abutin ang 95% coverage para siguraduhing protektado ang mga bata laban sa sakit! Taon-taon

mayroong kalahating milyong kabataang Pilipino ang hindi pa rin naaabot ng programang ito kahit na ito ay libre at kahit na mura lamang ang kumpletong bakuna --- halos Php 150 sa bawat bata--- kapalit ang mahal at masakit na banta ng kamatayan at pagpapaospital. Panahon na upang baguhin ang datos na ito.

Kaya muli akong nananawagan sa inyong lahat. Sa ngalan ng buong DOH, magsama-sama tayo hindi lamang dito sa Knock-Out tigdas kung hindi pati na rin sa pagpapalawak ng ating routine immunization. Hindi tayo pwedeng matalo sa labang ito dahil ang buhay ng bawat bata ang nakataya. At naniniwala akong tulad ni Pacquiao, kaya natin itong ipanalo!. Nagawa natin ito laban sa polio --- isa tayo sa mga bansa sa Western Pacific Region na nanguna sa pagsupo dito. At hanggang ngayon, dahil na rin sa inyong tulong at pagpupursige, polio-free pa rin ang Pilipinas.

Kaya bilang pagtatapos, salubungin natin ang hamon ---*let us knock out tigdas and aim for 95% and above coverage*. Sa labang ito, walang dapat sumuko! Ipanalo natin ang kalusugan ng kabataang Pilipino!
Salamat at magandang araw sa inyong lahat!